


Epidural anesthetics:

mga posibilidad ng panganib at side effect



Tungkol sa mga epidural

Ang epidural ay isang uri ng anesthetic kung saan maglalagay sa likod mo ng napakanipis na plastic na tubo (catheter). Gagamitin ng anesthetist mo ang catheter para bigyan ka ng mga gamot sa kirot para mapawi ang kirot o mapamanhid ang ibabang bahagi ng katawan mo. Mananatili sa likod mo ang catheter at puwede kang bigyan pa ng pampawi ng kirot kung kailangan mo.

Kadalasang ginagamit ang mga epidural bilang pampawi ng kirot kapag manganganak para mabawasan ang mga contraction. May higit pang impormasyon tungkol sa mga epidural para sa panganganak sa website ng LabourPains: <https://bit.ly/PainRelief-Labour>.

Puwede ring gamitin ang mga epidural para sa operasyon at pampawi ng kirot pagkatapos ng operasyon. Makakapagbasa ka pa tungkol sa mga epidural para sa operasyon sa website namin na nakasulat sa iba't ibang wika rito:

www.rcoa.ac.uk/patientinfo/translations#languages.

Tungkol sa posibilidad ng panganib at mga epidural

Walang taong magkatulad at imposibleng malaman kung sino ang magkakaroon ng side effect o posibilidad ng panganib.

Kapag alam mo ang mga posibilidad ng panganib, matatalakay ninyo ng team sa pangangalagang pangkalusugan mo ang mga puwedeng gawin at makakapagpasya ka nang batay sa impormasyon tungkol sa plano ng pangangalaga o panganganak mo.

Ang mga posibilidad ng panganib na nakasaad sa polyetong ito ay mga average na mula sa mga pananaliksik na pag-aaral. Para matuto pa tungkol sa pananaliksik na ginamit namin sa aming talahanayan ng epidural anesthesia at katibayan ng posibilidad ng panganib, sumangguni lang sa website namin: www.rcoa.ac.uk/patientinfo/epidural-evidence-table.

Posibleng mas mataas o mas mababa ang mga posibilidad ng panganib para sa iyo kumpara sa mga numerong iyon. Kung iniisip mong magpa-epidural para sa operasyon, tatalakayin sa iyo ng anesthetist mo ang mga panganib na mas malaki ang posibilidad mong maranasan o higit na makabuluhan para sa iyo.

Kung iniisip mong magpa-epidural sa panganganak, posibleng makaharap mo lang ang anesthetist kapag nagle-labor ka na. Dahil walang katiyakan kung kailan ka magle-labor, posibleng piliin mong magpa-epidural kahit na wala iyon sa plano. Parte man o hindi ng plano mo sa panganganak ang pagpapa-epidural, puwede kang maihanda sa hindi inaasahan at puwede mong mapag-isipan ang mga tanong mo kapag binasa mo ang polyetong ito at ang iba pang nakasulat sa website ng LabourPains.

Posibilidad ng panganib at mga epidural sa panganganak

Ayon sa pinakabagong katibayan, kapag nagpa-epidural ka:

- **hindi** lalaki ang posibilidad na kakailanganin mong magpa-cesarean
- **hindi** lalaki ang posibilidad na kakailanganing gumamit ng vacuum cup o forceps[†]
- **hindi** aantukin o makakatamo ng pangmatagalang pinsala ang sanggol mo nang dahil dito
- **hindi** ka makakaranas ng pananakit ng likod pagkatapos manganak nang dahil dito.

Sa pagpiling magpa-epidural para mapawi ang kirot habang nagle-labor, posibleng mapababa ang posibilidad na magkaroon ng malulubhang komplikasyon, gaya ng malalang pagdurugo (hemorrhage), impeksyon, pamumuo ng dugo, o pangangailangan ng masinsinang pangangalaga.

[†]Mga instrumentong ginagamit para magabay sa paglabas ang sanggol habang iniluluwal siya.

Epidural anesthetics: mga posibilidad ng panganib at side effect

Puwedeng makatulong ang mga epidural na gawing mas ligtas ang panganganak kung:

- nabubuhay ka nang may labis na katabaan
- mayroon kang mga dati nang problema sa kalusugan
- mahigit isang sanggol ang dinadala mo
- premature (mapapaagang ipanganak) ang sanggol mo.

Ano ang mangyayari kung hindi gumana ang epidural?

May mga pagkakataong hindi ganoon kabisa ang mga epidural, at hindi pa nga gumagana talaga ang mga ito minsan. Inaabot nang humigit-kumulang 20 minuto ang pag-set up sa mga ito at nang hanggang 30 minuto bago mo tuluyang maramdaman ang epekto. Kung hindi ito gumagana nang maayos para sa iyo, ipaalam ito sa midwife o anesthetist mo. Puwede nilang:

- bigyan ka pa ng anesthetic na idaraan sa catheter
- ipabago sa iyo ang posisyon mo
- ilipat ng puwesto sa likod mo (i-resite) ang catheter
- imungkahing gumamit ng ibang uri ng anesthetic.

Sa 100 tao na nagpa-epidural habang nagle-labor




Humigit-kumulang 10 ang nangailangan ng karagdagang pampawi ng kirot, pati na ng epidural






Humigit-kumulang 5 ang nangailangang i-resite ang epidural

Mga posibilidad ng panganib at side effect na nauugnay sa mga epidural

Ang mga numerong ito ay batay sa bawat 100 tao na nagpa-epidural.


Ano ang nangyari?		Gaano katagal? Magagamot ba ito?	Ilan? Sa bawat 100 tao (isang daang tao)
	Sakit ng ulo (sakit ng ulo dulot ng dural puncture)	Puwede itong mangyari isang araw hanggang isang linggo pagkatapos magpa-epidural. Puwedeng hindi gaanong masakit ito at gumaling ito sa loob ng ilang araw gamit ang pampawi ng kirot na mabibili kahit walang reseta. Puwede ring malubha ito at kailanganing gamutin ito sa ospital. May higit pang impormasyon tungkol sa sakit ng ulo dulot ng dural puncture sa website namin: www.rcoa.ac.uk/patientinfo/headache-spinal-epidural	 0.5–1 ang nakaranas 99–99.5 ang hindi nakaranas
	Lagnat	Puwedeng magkaroon nito ilang oras pagkatapos magpa-epidural at maaari itong tumagal nang ilang araw. Puwede kang bigyan ng team sa pangangalagang pangkalusugan mo ng antibiotics kung dulot ito ng impeksyon.	 1–10 ang nakaranas 90–99 ang hindi nakaranas

Epidural anesthetics: mga posibilidad ng panganib at side effect

	Mababang presyon ng dugo na kailangang gamutin	Puwedeng magkaroon nito agad at maaari itong tumagal nang ilang oras pagkatapos na pagkatapos magpa-epidural. Puwede kang makaranas ng masamang pakiramdam, pagkahilo, o pagkaantok nang dahil dito. Puwede kang bigyan ng team sa pangangalagang pangkalusugan mo ng gamot para mapabuti ang presyon ng dugo mo.	 5–30 ang nakaranas70–95 ang hindi nakaranas
	Masamang pakiramdam (pagduruwal)	Puwedeng magkaroon nito agad at maaari itong tumagal nang ilang oras pagkatapos na pagkatapos magpa-epidural. Puwede kang bigyan ng team sa pangangalagang pangkalusugan mo ng gamot para sa masamang pakiramdam kung makaranas ka nito.	 5–20 ang nakaranas80–95 ang hindi nakaranas
	Pangangati	Puwedeng mangyari ito agad at kadalasang nawawala ito pagkalipas ng ilang oras. Puwede kang bigyan ng team sa pangangalagang pangkalusugan mo ng gamot para maibsan ang pangangati.	 Humigit-kumulang 30 ang nakaranasHumigit-kumulang 70 ang hindi nakaranas
	Hirap sa pag-ihing	Pagkatapos magpa-epidural, posibleng hindi mo maramdaman kung nababanyo ka na. Inirerekomenda minsan ng team sa pangangalagang pangkalusugan ang paggamit ng urinary catheter, isang manipis na tubo para mailabas ang ihi mula mismo sa pantog mo. Posibleng hayaan itong nakalagay hanggang kinabukasan.	


Bihira ang mga posibilidad ng panganib na nasa ibaba.

Ang mga numerong ito ay batay sa bawat 1,000 tao.


Ano ang nangyari?	Gaano katagal? Magagamot ba ito?	Ilan? Sa bawat 1,000 tao (isang libong tao)
	Local anesthetic toxicity (labis-labis na anesthetic sa dugo mo). Puwede itong mauwi sa malulubhang komplikasyon, gaya ng pagkokombulsyon (seizure) o atake sa puso (pagtigil ng tibok ng puso)	Malulubhang komplikasyon ang mga ito. Gagamutin ka agad ng team mo kung mangyari ang mga ito. Humigit-kumulang 1 ang nakaranas Humigit-kumulang 999 ang hindi nakaranas

Epidural anesthetics: mga posibilidad ng panganib at side effect


Ang mga numerong ito ay batay sa bawat 20,000 tao.

Ano ang nangyari?	Gaano katagal? Magagamot ba ito?	Ilan? Sa bawat 20,000 tao (dalawampung libong tao)
 Mahina, manhid, o parang tinutusok-tusok na binti, puwit, o paa (pinsala sa nerve)	Pansamantalang pinsala (ilang araw o linggo) at karaniwang kusang gumagaling. Permanenteng pinsala.	8 ang nakaranas 19,992 ang hindi nakaranas Humigit-kumulang 1 ang nakaranas Humigit-kumulang 19,999 ang hindi nakaranas

Ang mga numerong ito ay batay sa bawat 50,000 tao.

Ano ang nangyari?	Gaano katagal? Magagamot ba ito?	Ilan? Sa bawat 50,000 tao (limampung libong tao)
 Pananakit ng ulo, lagnat, at pagsusuka ang mga sintomas ng meningitis	Puwedeng magkaroon ng impeksyong meningitis ilang araw o linggo pagkatapos magpa-epidural. Magagamot ito ng antibiotics.	1 ang nakaranas 49,999 ang hindi nakaranas

Ang mga numerong ito ay batay sa bawat 200,000 tao.

Ano ang nangyari?	Gaano katagal? Magagamot ba ito?	Ilan? Sa bawat 200,000 tao (dalawang daang libong tao)
 Impeksyon sa o sa paligid ng gulugod	Nangyayari ito ilang araw o linggo pagkatapos magpa-epidural. Ginagamot ito ng antibiotics o kung minsan ay inooperahan para maalis ang nana.	2 ang nakaranas 199,998 ang hindi nakaranas
 Pamumuo ng dugo sa paligid ng gulugod (vertebral hematoma)	Isa itong malubhang komplikasyon na posibleng mangailangan ng agarang operasyon. Puwede itong magdulot ng pagkaparalisa ng binti kung hindi agad magagamot.	1-2 ang nakaranas 199,998 ang hindi nakaranas

Epidural anesthetics: mga posibilidad ng panganib at side effect

Ang mga numerong ito ay batay sa bawat 500,000 tao.

Ano ang nangyari?		Ilan? Sa bawat 500,000 tao (limang daang libong tao)
 Pagkaparalisa		2 ang nakaranas 499,998 ang hindi nakaranas

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa posibilidad na makatamo ng pinsala sa nerve pagkatapos magpa-epidural o magpa-spinal, sumangguni lang dito:
www.rcoa.ac.uk/patientinfo/nd-after-spinal-epidural.

rcoa.ac.uk

patientinformation@rcoa.ac.uk



© 2025 Royal College of Anaesthetists (RCoA)
Puwedeng kopyahin ang impormasyong ito para sa paggawa ng materyal para sa pagbibigay ng impormasyon sa pasyente. Mangyaring sipiin ang pinagkunang akdang ito. Kung gusto mong gamitin ang isang bahagi ng impormasyong ito sa iba pang publikasyon, dapat maglagay ng naaangkop na pagkilala at dapat alisin ang mga graphic, branding, larawan, at icon. Makipag-ugnayan sa amin para sa higit pang impormasyon.